# MAKATIPID SA IYONG BILL SA SDG&E®

Nag-aalok ang mga programang pantulong ng SDG&E® ng dalawang programa na nagbibigay ng diskwento upang makatulong sa pagpapababa ng iyong buwanang bill sa kuryente:

**California Alternate Rates for Energy (CARE)**
Ang CARE program ay nag-aalok ng buwanang diskwento sa iyong bill sa SDG&E para sa gas at kuryente. Nakabatay ang pagiging kwalipikado sa pagpapatala sa anumang mga nakalistang programang pantulong sa publiko na nakasaad sa form ng aplikasyon, **o** sa pamamagitan ng pagtugon sa mga kwalipikasyon sa kita ng sambahayan, batay sa bilang ng mga taong nakatira sa inyong tahanan.

**Family Electric Rate Assistance (FERA)**
Kung hindi ka kwalipikado para sa CARE program, maaaring maging kwalipikado ka pa rin para sa FERA Program. Nag-aalok ang FERA ng mas maliit nang kaunting buwanang diskwento sa mga bill sa kuryente para sa mga sambahayang may 3 o higit pang miyembro na mas mataas nang kaunti ang mga saklaw ng kita kaysa sa CARE.

Sumangguni sa mga alituntunin sa kita ng CARE/FERA na nakalista sa ibaba upang malaman kung kwalipikado ka at magpatala sa pamamagitan ng pagsagot sa aplikasyon.
Sa iyong aplikasyon, **mangyaring tiyaking isaad ang:**

- Lahat ng kwalipikadong programang pantulong sa publiko kung saan nakakatanggap ka o ang sinuman sa iyong sambahayan ng mga benepisyo, **o**
- Ang iyong kabuuang taunang kita ng sambahayan

| **Pagiging Kwalipikado ng Kita para sa CARE at FERA Program<br>Epektibo simula Hunyo 1, 2017 – Mayo 31, 2018** | | |
|---|---|---|
| **Bilang ng Miyembro sa Sambahayan** | **CARE Program<br>Kabuuang Taunang Kita ng Sambahayan*** | **FERA Program** |
| 1 o 2 | $32,480 | Hindi kwalipikado |
| 3 | $40,840 | $40,841 - $51,050 |
| 4 | $49,200 | $49,201 - $61,500 |
| 5 | $57,560 | $57,561 - $71,950 |
| 6 | $65,920 | $65,921 - $82,400 |
| 7 | $74,280 | $74,281 - $92,850 |
| 8 | $82,640 | $82,641 - $103,300 |
| Sa Bawat Karagdagang Tao, Magdagdag ng | $8,360 | $8,360 - $10,450 |

* Upang malaman ang iyong kasalukuyang kabuuang kita ng sambahayan, pagsama-samahin ang lahat ng natanggap na benepisyo, pera man o hindi, ng bawat taong nakatira sa tahanan (kabilang ang mga sahod, tseke at benepisyo mula sa pamahalaan, at anumang iba pang pinansyal na suporta).

**Mga paraan sa pag-a-apply:**

1. Mag-apply online sa ***sdge.com/care***
2. Tawagan ang aming automated na numero sa pagpapatala anumang oras: 1-877-646-5525
3. I-fax ang mga sinagutang aplikasyon sa 858-636-5749
4. Ipadala ang aplikasyon na ito gamit ang kasamang sobre:
   Address: P.O. Box 129831
   San Diego, CA 92112-9985

Kung mayroon kang mga tanong, mangyaring mag-email sa *billdiscount@sdge.com* o tumawag sa 1-800-411-7343. Kung may problema sa ka sa pananalita o pandinig, mangyaring tumawag sa aming numero ng TDD/TTY sa 1-877-889-7343.

## MAAARING MAG-ALOK NG KARAGDAGANG TULONG ANG MGA SUMUSUNOD NA PROGRAMA

**Energy Savings Assistance Program ng SDG&E**
Mga Libreng pagpapahusay para sa pagtitipid ng kuryente sa tahanan para sa mga may-ari at nagrerenta ng tahanan. Bisitahin ang *sdge.com/energyassistance* o tumawag sa 1-866-597-0597 para sa higit pang impormasyon.

**Medical Baseline Allowance Program ng SDG&E**
Mas mataas na pagkonsumo ng kuryente sa mga pinakamababang rate para sa mga customer na may kundisyong medikal. Bisitahin ang *sdge.com/medicalbaseline* o tumawag sa 1-800-411-7343 para sa higit pang impormasyon.

**Low-Income Home Energy Assistance Program**
Tulong sa pagbabayad ng bill at mga serbisyo sa weatherization na pinapangasiwaan ng estado. Tawagan ang Department of Community Services and Development sa 1-866-675-6623 o tumawag sa 2-1-1 para sa pagrerekomenda sa isang lokal na ahensya.

**California Lifeline / ULTS**
May diskwentong access sa telepono sa mga customer na nakakatugon sa parehong mga alituntunin sa kita katulad ng sa CARE. Para sa higit pang impormasyon sa serbisyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na provider ng serbisyo sa telepono.

*(Nasa Likod ang Aplikasyon)*

<<Customer Name>>
<<Street Address>>
<<Street Address2>>
<<City, State, Zip>>

<<Account: ##########

Office Use Only

# APLIKASYON PARA SA CARE AT FERA

**Mga Alituntunin para sa Programa** *(Naaangkop sa parehong CARE at FERA program):*

- Dapat mong abisuhan ang SDG&E kung hindi ka na kwalipikado.
- Kung hihilingin sa iyong iberipika ang iyong kita, dapat kang sumunod upang makapagpatuloy sa programa.
- Ang malakas na paggamit ng enerhiya ay maaaring magresulta sa pagkakatanggal sa programa.
- Kapag hiniling, dapat mong i-renew ang iyong pagpapatala o maaalis ka sa programa.
- Hindi ka maaaring isama sa income tax return ng isa pang tao maliban sa iyong asawa.
- Ang iyong bill sa SDG&E® ay dapat nakapangalan sa iyo at ang iyong address ay ang iyong pangunahing tirahan dapat.
- Ang iyong kasalukuyang kabuuang kita ng sambahayan (lahat ng kita ng lahat ng taong nakatira sa iyong tahanan) bago ang mga nababawas ay dapat nasa antas ng mga kita sa chart para sa laki ng iyong sambahayan O ang iyong sambahayan ay dapat nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa isa sa mga programang pantulong sa publiko na nakalista sa aplikasyon sa Kahon 2A.

## 1

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Iyong Pangalan** *(ayon sa nakasulat sa iyong bill)* | | | |
| **Address ng Tahanan** *(kalye/lungsod/zip)* | | | |
| **SDG&E Account Number** | | | |
| **Bilang ng Mga Tao sa Sambahayan** | *Mga Nasa Hustong Gulang:* | *Mga Bata:* | *Kabuuan:* |

## 2A

**Mga Programang Pantulong sa Publiko**

Kung ikaw o ang sinuman sa iyong sambahayan ay nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa anuman sa mga programang pantulong sa publiko, lagyan ng check ang lahat ng naaangkop. Sagutan ang 2A o 2B. kailangan mong sagutan nang buo.

- ☐ Medicaid/Medi-Cal for Families A&B
- ☐ CalFresh (Food Stamps)/SNAP
- ☐ Head Start Income Eligible (Tribal Lang)
- ☐ Bureau of Indian Affairs General Assistance
- ☐ Women, Infants and Children (WIC)
- ☐ National School Lunch Program (NSLP)
- ☐ Low-Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)
- ☐ Supplemental Security Income (SSI)
- ☐ CalWORKs (TANF) o Tribal TANF

***Kung nilagyan mo ng check ang anuman sa mga kahon sa seksyong ito, pumunta sa Seksyon 3***

**O**

## 2B

**Pagiging Kwalipikado ng Kita ng Sambahayan (Para sa CARE at FERA Program)**

Kung hindi lumalahok ang iyong sambahayan sa anuman sa mga programa sa itaas, paki-check ang lahat ng kita ng sambahayan para sa lahat ng miyembro ng sambahayan at isulat ang inyong kabuuang kita sa mga nakalaang espasyo.

- ☐ Mga sahod at/o tubo para sa self-employment
- ☐ Mga benepisyo kapag walang trabaho
- ☐ Mga bayad sa kapansanan o workers' compensation
- ☐ Suporta sa asawa o anak
- ☐ Mga pensyon
- ☐ Social Security
- ☐ SSP o SSDI
- ☐ Interes/mga dividend mula sa mga ipon, stock, bond o retirement account
- ☐ Insurance o mga legal na pakikipag-areglo
- ☐ Mga scholarship, grant o iba pang mga tulong para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- ☐ Kita sa renta o royalty
- ☐ Cash o iba pang kita

**Kabuuang taunang kita ng sambahayan:** $☐☐☐,☐☐☐.00

## 3

**Deklarasyon** **(Pakibasa at lumagda sa ibaba)**

Ang ibinigay kong impormasyon ay totoo at wasto. Sumasang-ayon ako sa pagbibigay ng katibayan ng kita kung hihilingin. Sumasang-ayon akong ipaalam sa SDG&E kung hindi na ako kwalipikado para sa diskwento. Kung patuloy akong makakatanggap ng diskwento nang hindi nagiging kwalipikado para dito, maaaring kailanganing pabayaran sa akin ang diskwentong natanggap ko. Nauunawaan ko na maaaring ibahagi ng SDG&E ang aking impormasyon sa iba pang mga utility o sa kanilang mga ahente upang maipatala ako sa kanilang mga programa sa tulong.

**Lagda:** **Petsa:**

**E-mail Address:** **Telepono: ( )**

© 2017 San Diego Gas & Electric Company.
All trademarks are the property of their respective owners. All rights reserved.